

ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

P	A	R	I	H	G	A	N	P	Q	M	E	K	A	M	B	A	N
R	V	Y	C	U	R	O	D	A	N	G	R	E	A	B	O	G	A
O	Y	H	N	A	U	P	G	A	T	A	N	N	S	G	N	E	G
T	A	P	A	O	L	I	E	A	Z	B	A	M	A	N	T	A	D
E	T	Z	B	R	N	A	X	G	O	A	T	U	A	C	M	R	I
K	S	Y	U	Q	A	L	S	M	T	H	O	N	K	G	O	N	W
S	U	Z	H	N	A	I	R	A	I	R	A	T	U	I	T	H	A
Y	L	I	A	D	U	D	R	J	K	M	W	A	K	O	U	S	N
O	I	R	Y	A	I	A	C	P	A	G	Q	D	H	T	G	D	G
J	N	S	K	D	C	J	B	Y	L	S	A	X	G	I	G	V	U
N	D	H	P	R	E	O	A	F	A	R	W	N	F	O	A	Y	H
M	A	G	A	L	A	K	U	T	L	U	D	B	D	L	T	S	A

magalak

nabuhay

natagpuan

habag

nagkasala

naghirap

taggutom

kayamanan

nilustay

ariarian

mana

nagdiwang

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang ginawa ng nakababatang anak pagkatapos matanggap ang kanyang mana?

2. Ano ang ipinasiya ng nakababatang anak na gawin matapos mapagtanto ang kanyang pagkakamali?

3. Paano ipinakita ng ama sa kuwento ang kanyang pagmamahal at pagpapatawad?

4. Ano ang itinuturo sa atin ng talinghagang ito tungkol sa nararamdaman ng Diyos kapag may bumalik sa Kanya pagkatapos magkamali?

5. Paanong magkatulad ang pagmamahal ng Diyos at ng pagmamahal ng ama sa kuwento? Paano ito (pag-ibig ng Diyos) nakakahigit?

Ang anak sa talinghaga ay nagtuturo ng kahalagahan ng pag-amin ng pagkakamali sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pag-ako sa kanyang maling desisyon at haharapin ang consequences nito; paghingi ng kapatawaran sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa Diyos at sa nagawan ng kasalanan; at pagpapahalaga at pagkilala sa mga biyaya ng isang mapagmahal na ama matapos maranasan ang kahirapan. Ang mga batang tulad natin ay dapat lamang na matutuhan at tularan ang halimbawang ito na ipinakita ng bunsong anak.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Ella ay isang 11-taong-gulang na batang gustong-gustong magpunta sa bahay ng kanyang Lola Ruth. Palaging puno ng karunungan si Lola Ruth, at alam ni Ella na siya ay ligtas na magbahagi ng kahit ano sa kanya.

Isang araw, habang gumagawa ng takdang-aralin si Ella at ang kanyang matalik na kaibigang si Mia, napansin ni Mia ang magandang porselanang figurine ng ibon sa estante ni Lola Ruth.

“Wow, ang ganda! Pwede ba natin itong tingnan nang malapitan?” tanong ni Mia.

Saglit na nagdalawang-isip si Ella. Sinabi ng kanyang lola na espesyal ang ibon na iyon at huwag itong hawakan. Pero gusto niyang mapahanga si Mia.

“Sige,” sabi ni Ella, habang inaabot ang figurine.

Habang pinagmamasdan ni Mia ang ibon, inabot ulit ito ni Ella—at nadulas ito sa kanyang mga kamay. Bumagsak ito sa sahig at may matinis na tunog ng pagkabasag. Nabali ang buntot nito.

Nataranta si Ella. Mabilis niyang itinago ang nabaling piraso sa kanyang bulsa. "Ibalik na natin ito," sabi niya, pilit na pinapanatiling kalmado ang boses. Tumango si Mia, pero halata kay Ella na nag-aalala ito.

Kinagabihan, hindi makatulog si Ella. Paulit-ulit niyang naririnig ang boses ni Lola Ruth sa kanyang isip: "Mag-ingat sa mga bagay na mahalaga sa iba." Pakiramdam niya ay napakasama ng ginawa niya sa pagbasag ng figurine, pero natatakot siyang aminin ito sa kanyang lola.

Kinabukasan, sinubukan ni Ella na iwasan ang kanyang lola, pero napansin ito ni Lola Ruth. "Ella, may bumabagabag ba sa'yo?"

Umiling si Ella. "Wala po! Ayos lang ako," mabilis niyang sagot.

Pero hindi nagpalinlang si Lola Ruth. "Alam mo, Ella, kahit ano pa ang sabihin mo sa akin, mamahalin pa rin kita."

Biglang tumulo ang luha ni Ella. Inilabas niya mula sa kanyang bulsa ang nabaling piraso at agad na inamin, "Nabali ko po ang ibon ninyo! Patawad po. Hindi ko po sinasadya, pero pinakita ko po ito kay Mia, at alam ko pong sinabi n'yo na huwag itong hawakan, at—"

Dahan-dahang ipinatong ni Lola Ruth ang kanyang kamay sa balikat ni Ella. "Ayos lang, Ella," sabi niya. "Masaya akong sinabi mo sa akin ang totoo. Mas mahalaga ka sa akin kaysa sa anumang figurine."

Suminghot si Ella. "Talaga po? Hindi kayo galit?"

"Medyo nalungkot ako dahil nabasag ito," pag-amin ni Lola Ruth. "Pero ipinagmamalaki kita dahil naging matapang ka at sinabi mo ang totoo. Lahat tayo nagkakamali. Ang mahalaga ay natututo tayo aminin ang pagkakamali at nagsisikap na ito ay itama."

Nang hapon ding iyon, magkasama nilang inayos ang figurine gamit ang pandikit sa lamesa ng kusina. Nanatiling bakas ang bitak, pero sinabi ni Lola Ruth, "Ang bitak na ito ay nagpapaalala sa akin kung gaano kita kamahal, kahit hindi perpekto ang mga bagay."

Napangiti si Ella. Napagtanto niya na ang pagmamahal ng kanyang lola ay hindi isang bagay na kailangan niyang paghirapan upang makuha, ito ay palaging nandiyan kahit na siya ay nagkamali.

Mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang naramdaman ni Ella matapos mabasag ang figurine?
 - a. magaan ang loob
 - b. excited
 - c. takot at guilty
 - d. galit

2. Ano ang sinabi ni Lola Ruth nang aminin ni Ella ang katotohanan?
 - a. "Hindi kita pinapatawad."
 - b. "Mas mahalaga ka sa akin kaysa sa anumang figurine."
 - c. "Kailangan mong palitan ito."
 - d. "Hinding-hindi na ako magtitiwala sa'yo."

3. Ano ang sinisimbolo ng bitak sa pigurin para kay Lola Ruth?
 - a. Ang disappointment niya kay Ella.
 - b. Ang pagmamahal niya kay Ella, kahit na hindi perpekto ang mga bagay.
 - c. Ang pangangailangan na maging mas maingat.
 - d. Isang bagay na hindi maaayos.

4. Anong aral ang matututuhan natin sa kuwento ni Ella?
 - a. Okay lang magsinungaling kung walang makakaalam.
 - b. Hindi tayo patatawarin ng mga tao kung tayo ay nagkakamali.
 - c. Laging magtago ng sikreto, kahit sa pamilya.
 - d. Ang pag-amin ng mga pagkakamali ay nagpapakita ng lakas ng loob at nagdevelop ng pagtitiwala.

5. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Ella, ano ang dapat mong gawin?
 - a. Itago ang sirang piraso at magkunwaring walang nangyari.
 - b. Isisi sa ibang tao ang pagkakamali.
 - c. Aminin ang katotohanan at humingi ng tawad.
 - d. Palitan ang pigurin nang hindi sinasabi sa sinuman.

Itinuturo ng kuwento ni Ella na ang pagsasabi ng totoo ay ang pinakamainan na laging dapat gawin, dahil ang pagsasabi ng totoo ay nagpapalago ng pagtitiwala at nagpapakita ng pagiging responsable. Ipinapaalala nito sa atin na lahat ay tayo ay nagkakamali, ngunit ang tunay na mahalaga ay ang pag-amin nito at pagsusumikap na magbago. Sa pamamagitan ng walang pasubaling pagmamahal at pagpapatawad ni Lola Ruth, nalaman natin na ang mga relasyon ay mas mahalaga kaysa sa pagiging perpekto o mga pag-aaring mga bagay. Ang desisyon ni Ella na tanggapin ang responsibilidad para sa kanyang mga aksyon ay nagpapakita ng halaga ng pananagutan at ang kapangyarihan ng pagmamahal at pang-unawa na maayos ang nasira.



D. Memory Verse

Si Yahweh'y mapagmahal at puno ng habag, hindi madaling magalit, ang pag-ibig ay wagas. **Mga Awit 145:8**

